

**BAGONG 15-ARAW NA PAUNAWA SA BAYAD O TIGIL (HULYO 1, 2021,
HANGGANG SETYEMBRE 30, 2021)**

PAUNAWA MULA SA ESTADO NG CALIFORNIA – DAPAT KANG KUMILOS UPANG MAIWASAN NA MAPATALSIK. Kung ikaw ay hindi makapagbayad sa halaga na hiniling sa paunawa na ito dahil sa pandemyang COVID-19, dapat kikilos ka kaagad.

KAAGAD: Lagdaan at ibalik ang form ng deklarasyon na inilakip sa iyong paunawa ng iyong maylupa sa loob ng 15 mga araw, hindi kasali ang mga araw na Sabado, Linggo at ibang mga holiday na panghukuman. Lagdaan at ibalik ang deklarasyon kahit na nagawa mo na ito sa dati. Kailangan na magtago ka ng kopya o larawan ng nilagdaang form para sa iyong mga tala.

BAGO ANG SETYEMBRE 30, 2021: Bayaran mo ang iyong maylupa ng pinakamababa na 25 porsiyento sa anumang arkila na nalaktawan mo sa pagitan ng Setyembre 1, 2020, at Setyembre 30, 2021. Kung nangangailangan ka ng tulong sa pagbayad ng halagang iyon, mag-aplay ka ng tulong sa pag-arkila. May utang ka pa rin sa natirang arkila sa iyong maylupa, ngunit basta't nagbayad ka ng 25 porsiyento sa Setyembre 30, 2021, ang iyong maylupa ay walang kakayahan na ikaw ay patalsikin dahil hindi nakapagbayad sa natirang arkila. Dapat magpanatili ka ng maingat na pagsubaybay sa kung ano ang iyong binayaran at anumang halaga na natira mong utang upang maprotektahan ang iyong mga karapatan at maiiwasan ang pagtatalo sa hinaharap.

SA LALONG MADALI: Mag-aplay ng tulong sa pag-arkila! Bilang bahagi ng plano sa kaluwagan ng COVID-19 sa California, may pera na inilaan upang tulungan ang mga nangungupahan na hindi nakapagbayad sa arkila o sa mga bayarin ng kagamitan. Kung ikaw ay hindi nakapagbayad sa arkila o sa mga bayarin ng kagamitan, DAPAT KUMPLETUHIN MO KAAGAD ANG APLIKASYON NA TULONG SA PAG-ARKILA! Ito ay libre at napakasimple ang pag-aplay. Ang mga bagay na tungkol sa pagkamamamayan o imigrasyon ay hindi mahalaga. Malalaman mo kung paano simulan ang iyong aplikasyon sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-833-430-2122 o bisitahin kaagad ang [HousingisKey.com](https://www.HousingisKey.com). kaagad.